



Republic of the Philippines
Department of Education
REGION
DIVISION OF
ELEMENTARY SCHOOL
S.Y. 2026- 2027

GMRC 3
First Term Examination

Name:	Date:
Grade and Section:	Score: _____ / 30

Panuto: Basahin nang mabuti ang bawat tanong. Piliin ang pinakaangkop na sagot at isulat ang titik ng tamang sagot.

- ___1. Alin ang nagpapakita ng tiwala sa sarili dahil sa pagsisikap na paunlarin ang hilig at kakayahan?
- A. Takot sumubok ng bagong gawain
 - B. Tinatago ang kaya niyang gawin
 - C. Sinasabi at pinauunlad ang kaya at hilig gawin
 - D. Iniiwasan ang anumang pagkatuto
- ___2. Bakit mahalagang malaman ng bata ang sariling hilig at kakayahan?
- A. Upang makilala ang sarili bilang bata
 - B. Upang makalimot sa mga tungkulin
 - C. Upang umiwas sa pakikipagkaibigan
 - D. Upang tumigil sa pagsasanay
- ___3. Alin ang halimbawa ng paraan ng pagpapatatag ng gawi sa pag-iimpok at pagtitipid kasama ang pamilya?
- A. Paggastos agad sa lahat ng baon
 - B. Paghahati ng pera para sa ipon at pangangailangan
 - C. Pagkakalat ng gamit sa bahay
 - D. Pagsasayang ng pagkain araw-araw

___4. Ano ang tawag sa mga gawaing dapat gawin ng bata sa tahanan at paaralan?

- A. Libangan
- B. Gampanin
- C. Pabigat
- D. Palamuti

___5. Alin ang kilos na nagpapakita ng paggalang sa Diyos?

- A. Pagsunod sa mabuting aral
- B. Pagsisinungaling sa kapuwa
- C. Pagsira ng gamit ng iba
- D. Pagtawa sa dasal

___6. Alin ang pansariling gawain na nakabubuti sa kapaligiran?

- A. Pagtatapon ng basura kung saan-saan
- B. Pagsusunog ng plastik sa bakuran
- C. Pagpupulot at tamang pagtatapon ng kalat
- D. Pagputol ng mga halaman nang walang dahilan

___7. Ano ang isang pansariling karapatan na tinatamasa ng bata sa pamayanan?

- A. Karapatang manakit ng iba
- B. Karapatang maingay sa lahat ng oras
- C. Karapatang hindi sumunod sa batas
- D. Karapatang maging ligtas

___8. Alin ang paraan ng pakikilahok sa mga gawain sa loob ng tahanan?

- A. Pagtulong sa pagliligpit ng laruan
- B. Pagtapon ng dumi sa sahig
- C. Pagsigaw sa mga kasapi ng pamilya
- D. Pag-iwan ng pagkain sa mesa

___9. Ano ang tinutulungan ng sariling mga hilig at kakayahan upang mapalakas ang loob ng isang bata?

- A. Pagiging mahiyain sa lahat
- B. Tiwala sa sarili
- C. Pagkalimot sa tungkulin
- D. Pag-aaway sa kapuwa

___10. Bakit nakatutulong ang pag-iimpok at pagtitipid kasama ang pamilya?

- A. Upang maubos agad ang pera
- B. Upang hindi matutong magplano
- C. Upang magkaroon ng gulo sa bahay
- D. Upang may magamit na pera para sa kinabukasan

___11. Paano nakatutulong sa pagiging responsable ang pagtupad sa gampanin sa tahanan at paaralan?

- A. Natututuhan niyang sumuway
- B. Nahuhubog ang pagiging responsable
- C. Nawawala ang paggalang
- D. Lumalaki ang katamaran

___12. Ano ang ipinahihiwatig ng pagkilos na may paggalang sa Diyos?

- A. Pagkilala at pagmamahal sa Kaniya
- B. Pagkalimot sa mabuting asal
- C. Pagwawalang-bahala sa utos
- D. Pag-iwas sa kabutihan

___13. Bakit mahalaga ang mga gawaing nakabubuti sa kapaligiran?

- A. Nagiging tahimik lamang ang pamayanan
- B. Nagiging magulo ang paligid
- C. Nagdudulot ng ligtas, maayos, at malinis na pamayanan
- D. Nagsisilbing dahilan ng pagdumi ng hangin

___14. Bakit kinikilala sa pamayanan ang mga pansariling karapatan ng bata?

- A. Upang mapahiya ang bata
- B. Upang tiisin ang panganib
- C. Upang lumayo sa lahat
- D. Upang tiyakin ang kaligtasan at matiwasay na pamumuhay

___15. Paano nakatutulong ang pakikilahok ng bata sa mga gawain ng pamilya?

- A. Pinapahina nito ang samahan
- B. Nagdudulot ito ng inggitan
- C. Nakatutulong ito sa pagkakabuklod-buklod
- D. Pinaglalayo nito ang mga kasapi

___16. Kung may sobra kang baon, alin ang pinakamainam na gawin upang maipakita ang pag-iimpok at pagtitipid?

- A. Ipapamigay lahat sa kaibigan
- B. Itatago at hindi na bibilangin
- C. Ihahalo sa ibang gamit
- D. Itatabi bilang ipon bago gumastos

___17. Alin sa mga gawaing ito ang angkop na gampanin ng bata sa tahanan?

- A. Pagliligpit ng sariling higaan
- B. Pagsira ng mesa
- C. Pananakit ng kapatid
- D. Pagsisinungaling sa magulang

___18. Ano ang dapat mong gawin upang maipakita ang paggalang sa Diyos sa araw-araw?

- A. Magsalita nang bastos habang nagdarasal
- B. Sumunod sa mabubuting aral at asal
- C. Huwag makinig sa paalala
- D. Gumawa ng mali kahit alam na bawal

___19. Alin ang pinakamainam na kilos para mapanatiling malinis ang kapaligiran sa paaralan?

- A. Pagkakalat ng papel pagkatapos gamitin
- B. Pagtatago ng basura sa ilalim ng upuan
- C. Pagsira ng halaman sa bakuran
- D. Pagwawalis at tamang pagtatapon ng basura

___20. Ano ang dapat mong gawin kapag may karapatan kang gumamit ng palaruan sa pamayanan?

- A. Sirain ang kagamitan
- B. Gamitin nang maayos at may paggalang
- C. Agawan ang ibang bata
- D. Iwanang marumi ang paligid

___21. Alin sa mga sumusunod ang pinakamahusay na paraan ng pakikiisa sa gawaing bahay?

- A. Pag-iiwan ng kalat matapos kumain
- B. Pagtulong sa paghuhugas ng pinagkainan
- C. Pagtakas kapag may gawaing bahay
- D. Pagsira ng mga kagamitan

___22. Kung ang isang bata ay laging tumutupad sa tungkulin sa bahay at paaralan, ano ang pinakamalamang mabuo sa kaniya?

- A. Pagiging marahas
- B. Pagiging responsable
- C. Pagiging tamad
- D. Pagiging mapanira

___23. Alin sa mga kilos na ito ang malinaw na nagpapakita ng paggalang sa Diyos at mabuting asal?

- A. Pagsunod sa mga aral at pag-iwas sa masamang gawain

- B. Pagsuway sa utos at pagyayabang
- C. Pagsisinungaling at pananakit
- D. Pang-aasar sa kapuwa

___24. Kung mapapansin mo ang mga kalat sa paligid ng bahay, alin ang tamang pasya upang maging ligtas at malinis ang pamayanan?

- A. Magwalis at magtapon sa tamang lagayan
- B. Hayaang manatili ang kalat
- C. Itago ang basura sa ilalim ng mesa
- D. Taponin sa bakanteng lote

___25. Kung nais mong maigalang ang karapatan ng kapuwa bata sa pamayanan, alin ang dapat mong piliin?

- A. Mang-agaw ng upuan sa pila
- B. Sumunod sa tuntunin at igalang ang iba
- C. Manakit ng kasamang bata
- D. Mag-ingay habang may klase

___26. Alin sa mga pangyayari ang nagpapakita ng pakikiisa na nagpapatatag sa ugnayan ng pamilya?

- A. Pag-iwas sa usapan ng pamilya
- B. Pagtanggong tumulong sa bahay
- C. Pakikisali sa pagliligpit matapos ang salu-salo
- D. Pagsisigawan ng magkakapatid

___27. Alin ang pinakamainam na halimbawa ng pagpapatibay ng tiwala sa sarili sa pamamagitan ng hilig at kakayahan?

- A. Itinago ang galing sa pagguhit dahil mahiyain
- B. Pinili ang gawaing kaya niya at sinubukang pagbutihin ito
- C. Tumigil sa pagsubok kapag may mali
- D. Iniwang hindi natapos ang gawain

____28. Alin sa mga sumusunod ang pinakamainam na paraan ng pagtitipid kasama ang pamilya?

- A. Bumili ng hindi kailangan araw-araw
- B. Magplano ng paggastos at magtabi ng ipon
- C. Gumastos agad sa lahat ng pera
- D. Huwag mag-usap tungkol sa pera

____29. Aling gawain ang maaari mong likhain upang maipakita ang pakikiisa sa loob ng tahanan?

- A. Gumawa ng iskedyul ng pagliligpit kasama ang pamilya
- B. Magtago ng mga gamit ng iba
- C. Iwanang magulo ang kuwarto
- D. Umalis habang may gawaing bahay

____30. Alin ang maaaring gawin ng bata upang maipakita ang paggalang sa bawat kasapi ng mag-anak?

- A. Magsalita nang magalang at makinig nang maayos
- B. Maging pabalang sa kausap
- C. Sigaw nang sigaw kapag may pakiusap
- D. Huwag pansinin ang sinasabi ng iba

ANSWER KEY

1. C
2. A
3. B
4. B
5. A
6. C
7. D
8. A
9. B
10. D
11. B
12. A
13. C
14. D
15. C
16. D
17. A
18. B
19. D
20. B
21. B
22. B
23. A
24. A
25. B
26. C
27. B
28. B
29. A

30. A

TABLE OF SPECIFICATION

Competency	R	U	Ap	An	E	C	Total	%
Naiisa-isa ang sariling hilig at kakayahan	1 (1)	0	0	0	0	0	1	4%
Napatutunayan na ang sariling hilig at kakayahan ay mahalaga upang makilala ang sarili bilang bata	1 (2)	0	0	0	0	0	1	4%
Nakakikilala ng mga paraan ng pagpapatatag ng mga gawi sa pag-iimpok at pagtitipid kasama ang pamilya	1 (3)	0	0	0	1 (28)	0	2	6%
Natutukoy ang mga gawain ng isang bata sa tahanan at paaralan	1 (4)	0	1 (17)	0	0	0	2	6%
Nakakikilala ng mga sariling pagkilos ng may paggalang sa Diyos	1 (5)	0	0	0	0	0	1	4%
Natutukoy ang mga pansariling gawain na nakabubuti sa kapaligiran	1 (6)	0	0	0	0	0	1	4%
Naiisa-isa ang mga pansariling karapatan na natatamasa ng isang bata sa pamayanan	1 (7)	0	0	0	0	0	1	4%
Natutukoy ang mga sariling paraan ng pakikilahok sa mga gawain sa loob ng tahanan	1 (8)	0	0	1 (21)	0	0	2	6%
Nailalapat ang sariling hilig at kakayahan tungo sa kakayahan sa pagpapatibay ng tiwala sa sarili	0	1 (9)	0	0	1 (27)	0	2	6%
Napatutunayan na ang pagpapatatag ng mga gawi sa pag-iimpok at pagtitipid kasama ang pamilya ay magpapaunlad ng sariling kasanayan na mapamahalaan ang higit na mas malaking halaga ng pera o mga gamit sa kinabukasan	0	1 (10)	0	0	0	0	1	4%

Napatutunayan na ang mga sariling gampanin ng bata sa tahanan at paaralan ay nakatutulong upang mahubog ang pagiging responsable sa kanilang gawain at kilos	0	1 (11)	0	1 (22)	0	0	2	6%
Naipaliliwanag na ang mga sariling pagkilos na may paggalang sa Diyos ay tanda ng pagkilala at pagmamahal sa Kaniya at ito ay nagdudulot ng pagkakaroon ng mabuting asal	0	1 (12)	0	1 (23)	0	0	2	6%
Naipaliliwanag na ang mga pansariling gawain na nakabubuti sa kapaligiran ay magdudulot ng ligtas, maayos, at malinis na pamayanan	0	1 (13)	0	1 (24)	0	0	2	6%
Naipaliliwanag na ang mga pansariling karapatan na kinikilala sa pamayanan ay nagtitiyak sa kaligtasan at matiwasay na pamumuhay ng bawat bata	0	1 (14)	0	1 (25)	0	0	2	6%
Naipaliliwanag na ang sariling paraan ng pakikilahok sa mga gawain ng pamilya ay nakatutulong sa pagkakabuklod-buklod at pagpapatatag ng ugnayan ng bawat kasapi ng pamilya	0	1 (15)	0	1 (26)	0	0	2	6%
Naisasakilos ang mga paraan ng pagpapatatag ng mga gawi sa pag-iimpok at pagtitipid kasama ang pamilya	0	0	1 (16)	0	0	0	1	4%
Nailalapat ang mga pagkilos na nagpapakita ng paggalang sa Diyos	0	0	1 (18)	0	0	0	1	4%
Naisasakilos ang mga natukoy na mabuting magagawa ng bata sa kapaligiran	0	0	1 (19)	0	0	0	1	4%
Naisasakilos ang mga gawain na	0	0	1 (20)	0	0	0	1	4%

nagbibigay-halaga sa mga karapatang tinatamasa ng bawat bata								
Nailalapat ang mga sariling paraan ng pakikiisa sa mga gawain sa loob ng tahanan	0	0	0	0	0	1 (29)	1	3%
Nailalapat ang mga sariling paraan ng pakikiisa sa mga gawain sa loob ng tahanan (Hal. paraan ng wastong pakikipag-ugnayan nang may paggalang ang bawat kasapi ng mag-anak)	0	0	0	0	0	1 (30)	1	3%
TOTAL	8	7	5	6	2	2	30	100%